

RUPERT + RENFREW


Station Area Plan

UPDATED NA DRAFT NA PLANO



Isang plano para makatulong sa paghubog ng kinabukasan ng lugar ng Rupert & Renfrew

Ang draft na Plano ng Rupert at Renfrew Station Area ay gagabay sa paglago at pagbabago sa lugar sa paligid ng mga Rupert at Renfrew SkyTrain station sa susunod na 25 taon. Ang Rupert at Renfrew Plan ay isa sa mga paraan ng aming pagpapatupad sa Vancouver Plan (2022). Bumubuo ito sa Pananaw ng Plano ng Vancouver, Mga Pundasyon na Prinsipyo at 3 Malaking Ideya, na iniangkop ang mga ito sa natatanging kapaligiran, panlipunan at pang-ekonomiyang konteksto ng lugar.



Yugto 1 - Mga Tuntunin ng Sanggunian
Taglamig 2021 - Tagsibol 2022



Yugto 2 - Mga Maagang Tagubilin
Tagsibol 2022 - Tag-init 2023



Yugto 3 - Inisyal na Draft na Plano
Taglagas 2023 - Tag-init 2024



Yugto 4 - Binagong Draft na Plano
Taglagas 2024 - Tag-init 2025

Narito Tayo

Kumpletuhin ang survey bago ang Pebrero 18, 2025



3 Malaking Ideya

Narito ang ilan sa mga pangunahing paraan kung paano isusulong ng Rupert & Renfrew Area Plan ang 3 Malaking Ideya mula sa Vancouver Plan:

1. Patas na Pabahay at Mga Kumpletong Kapitbahayan

- Ipinapakilala ang mga pagkakataon para sa mga bagong uri ng pabahay sa buong lugar, kabilang ang matataas at mid-rise na gusali (pinapaupahan at strata) malapit sa mga Station Area, at missing middle na pabahay (mabababang gusali, mga townhouse at multiplexes) sa ibang lugar.
- Pagbibigay ng mga insentibo upang lumikha ng mga lubhang kailangang pasilidad para sa pangangalaga ng bata, mas mababa na paupahan sa merkado at panlipunang pabahay na malapit sa matuling pagbibiyah.
- Sinusuportahan ang pag-renew ng pangunahing panlipunan, pangkultura, at panglibangang mga amenidad (tulad ng Frog Hollow Neighbourhood House at Renfrew Park Community Centre).
- Pinoprotektahan at pinagaganda ang mga park, lumilikha ng mga bagong plaza at mga lugar na pagtitipon, at naghahatid ng mga pagpapahusay para suportahan ang paglalakad, pag-roll at pamimisikleta.

2. Isang Ekonomiya na Gumagana para sa Lahat

- Pagdagdag ng mga bagong tindahan, mga serbisyo at mga amenidad sa kahabaan ng Rupert Street, Renfrew Street, Broadway at Grandview Highway, pati na sa paligid ng mga Station Area at mga Village na tinukoy sa Vancouver Plan.
- Pinepreserba at pinagaganda ang kasalukuyang espasyo ng trabaho na malapit sa transportasyon sa mga Lupain ng Pag-employo (kabilang ang malalaking format na retail, light industrial at mga lugar ng opisina).
- Ipinakikilala ang mga oportunidad para sa maliit na mga komersiyal na node at mga tindahan sa kanto sa mga residensiyal na lugar.
- Nagbibigay ng mga insentibo para lumikha ng mga espasyong non-profit at mga studio ng artist sa Mga Employment Land.

3. Proteksiyon sa Klima at Mga Naipanumbalik na Ecosystem

- Pagde-daylight sa Still Creek (dinadala ito sa surface) at pinalalawak ito para mapabuti ang lokal na green space at tirahan, mabawasan ang peligro sa baha, at suportahan ang paglago.
- Nililimita ang mga istraktura sa ilalim ng lupa para panatiliing dumadaloy ang tubig sa lupa, sinusuportahan ang ekolohikal na kalusugan ng Still Creek.
- Pinagaganda ang mga likas na lugar at berdeng espasyo sa pamamagitan ng mga pagpapahusay sa parke, dinaragdagan ang takip na puno, at ginagalugad ang mga oportunidad para palawakin ang network ng ekolohikal na koridoridor.
- Paglikha at pagpapalawak ng mga greenway, mga opsyon sa micromobility (hal. mga bisikleta, e-scooter) at ibang mga napapanatiling opsiyon sa transportasyon.skateboards, or other rolling options.



Ano ang Bago?

Noong Tag-init ng 2024, ibinahagi ang inisyal na Draft na Plano sa publiko at nakatanggap ng matinding suporta. Simula noon, ang ilang mahahalagang pagbabago ay ginawa sa Plano upang isama ang pampublikong puna at upang umangkop sa mga ekonomikong kondisyon at magdagdag ng higit pang teknikal na impormasyon. Kasama sa Mga Update sa Mga Polisiya sa Paggamit ng Lupa at Mapa ang:

- Mga bagong lugar na nagpapahintulot ng pabahay ng hanggang 6 na palapag.
- Mga karagdagang lokasyon para sa mga tindahan at serbisyo sa mga pangunahing kalye sa mga residensiyal na lugar
- Pagdaragdag ng taas at densidad sa mga Station Area upang mabutihan ang posibilidad ng mga proyekto.
- Tinutukoy ang pinahihintulatang densidad ng taas ng gusali ayon sa klase na pabahay (ibig sabihin, mas mababa sa paupahan sa merkado, paupahan, strata).
- Mga limitasyon sa bilang ng mga tower sa panlabas na gilig ng mga Station Area.
- Mga partikular na polisiya ginawa para sa mga natatanging lugar (hal. Frog Hollow, Italian Cultural Centre, 3200 East Broadway).
- Mas detalyadong mga kinakailangan sa pagpapaunlad malapit sa Still Creek para protektahan ang tubig sa lupa.
- Isang Public Realm na Istratehiya, kabilang ang mga oportunidad para i-repurpose ang espasyo sa kalye para lumikha ng mga amenidad na naninilbihan sa komunidad.

Paggamit ng Lupa

Ang iminungkahing paggamit ng lupa sa draft na Rupert at Renfrew Plan ay nakabatay sa mga uri ng kapitbahayan na tinukoy sa Pamamaraan sa Paggamit ng Lupa ng Vancouver Plan.

Bilang karagdagan, natukoy ang 12 na Kakaibang Lugar sa buong draft na Plano. Ang mga lugar na ito ay nagbibigay ng pagkakataong maghatid ng magkakaiba at abot-kayang mga opsyon sa pabahay, mga pangunahing serbisyo at mga pagpapahusay sa pampublikong realm, at mas maraming mga plaza, parke at berdeng espasyo.



Mga Employment Land



Mga Lugar ng




Village at Mga Multiplex na Lugar



Mga Natatanging Lugar

Pampublikong Espasyo at Pampublikong Realm

Kabilang sa mga pampublikong espasyo ng Rupert at Renfrew ang mga parke, plaza, kalye at mga ibang lugar para sa pagtitipon, koneksiyon, at pampublikong buhay. Kabilang sa mas malawak na "pampublikong realm" ang mga espasyong ito pati na ang mga lugar sa labas at sa pagitan ng mga gusali (hal. mga harapan ng tindahan, mga patio, pampublikong sining, pailaw, mga puno sa kalye at landscaping na nagpapaganda sa mga espasyong ito). Pinagsama-samang mga pampublikong espasyo at pampublikong realm ay nagbibigay ng ilang mahalagang panlipunan, pangkultura, pangkapaligiran, at pang-ekonomiyang tungkulin.




Habang ang lugar ng Rupert at Renfrew Plan ay patuloy na lumalaki at nagbabago, mahalaga na mayroong sapat na halo ng mga pampublikong espasyo na hinabi sa mga kapitbahayan.

Ang Pangwakas na Plano ay magsasama ng isang Pampublikong Realm na Estratehiya upang gabayan ang mga pagpapabuti sa susunod na 25 taon. Kasama dito ang mga pagpapahusay sa greenspace at mga lugar ng pagtitipon, suportahan ang lokal na ekolohiya at pamamahala ng tubig-ulan, at ligtas na mapabuti para sa mga taong lumilipat papunta at dumaan sa kapitbahayan.

RUPERT + RENFREW

Station Area Plan

Ang Mapa sa Paggamit ng Lupa na ito ay hindi inaprubahan ng Konseho at sasailalim sa pagbabago.



- Alamat**
- Rapid Transit Station
 - Rapid Transit
 - Still Creek Channel
 - Still Creek Corridor
 - Sona ng Proteksiyon ng Tubig sa Lupa
 - Catchment ng Provincial Transit Oriented Areas (TOA)
 - Parke
 - Ekolohikal na Koridor
 - Pampublikong Paaralan
 - Lugar ng Pag-aaral sa Renfrew
 - Ground level na retail
 - Natatanging Lugar
- Mga High-Rise na Residensiyal ng Lugar**
- Station Area A (29 hanggang 45 na palapag)
 - Station Area B (22 hanggang 40 na palapag)
 - Station Area C (22 hanggang 26 na palapag)
- Mga Low-Rise na Residensiyal na Lugar**
- Villages na residensiyal (6 na palapag)*
 - Villages na may kasamang tindahan at serbisyo (6 na palapag)*
 - Umiiral na mga lugar na komersyal (6 na palapag)*
 - Mga kalyeng residensiyal na may kasamang tindahan (5-6 na palapag)*
 - Malit na mga apartment (4 na palapag)
 - Multiplex (3-4 na palapag)*
 - CD-1
- Mga Employment Land**
- Halong-employment sa Campus
 - Pang-industriya ng Floodplain
 - Halong-employment sa Still Creek**

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa website ng proyekto:
<https://www.shapeyourcity.ca/Rupert-renfrew-station-area-plan>

*Maaring posible ang hanggang 8 na palapag sa loob ng 800 m na catchment ng pang-lalawigang Transit-oriented area (TOA)
 ** Potensiyal na isama ang malaking format na retail